

BAGONG PANANAW

18 Guro ng JRMSU ginawaran bilang RI Singapore Fellows and Senior Members

ni: Roseller Batal



TUNAY AT MATIBAY NA PUNDASYON. Nakangiting nakatanggap ng karangalan ang mga JRMSU dignitaries dahil sa kanilang aktibong partisipasyon sa 21st International Conference and Conferment Ceremony.

Labing-walong guro ng Jose Rizal Memorial State University-Dipolog kasama ng iba pang mga magtuturo mula sa iba-ibang institusyon at ahensya ng gobyerno sa Pilipinas at ng ibang bansa ay pormal na ginawaran bilang Royal

Institution, Singapore Fellows and Senior Members pagkatapos ng matagumpay na paglahok sa 21st International Conference and Conferment Ceremony na ginanap sa Ariana Hotel, Dipolog City noong nakaraang Oktubre 12, 2018.

Taglay ang tema, "Megatrends in Education, Business and Industry, and Public Administration in the 21st Century and Beyond," ang nasabing gawain na itinaguyod ng Royal Institution, Singapore sa pakikipag-ugnayan ng

Jose Rizal Memorial State University ay sinimulan ng International Research Colloquium na kung saan 44 delegado ay naglahad ng kani-kanilang pananaliksik na ginanap sa JRMSU-Dapitan Campus noong Oktubre 11. Kabilang sa mga guro na ginawaran bilang RI fellows and senior members ay sina Dr. Arnel M. Cuivillas, FRIEdr, FRIMath, Dr. Leonardo D. Cainta,

Ranes, SMRIEng, Ms. Rona A. Sy, SMRIIT, Mr. Joselito D. Sabacahan, FRIEdr, Mr. Kevin Ray Amores, SMRIEdr, SMRIHosM, Mr. Eduardo C. Mira, SMRIEdr, Ms. Jarriet S. Adriatico, SMRIEdr, Ms. Daryl Ann V. Cuivillas, SMRIEdr, ang Mercy M. Toribio, SMRIEdr.

Ang seremonya na pinangunahan ni Chief Compliance Officer FDr.Dr. Helen S. Molano, SFRICCO, ay dinaluhan nina Hon. Rosalina G. Jalosjos, FDr, Dapitan City Mayor at Daylinda Luz R. Laput, PhD, FDr, JRMSU System President na ginawaran bilang Honorary at Doctor Fellows.

Ito ang ikalawang pagkakataon na ginanap ang nasabing international conference sa JRMSU sa pagsisikap ni Evelyn R. Campiseño, DFRIM, SFRIEdr, VP Research, Extension and Development.

FRIPProT, Engr. Elias B. Cabilin, FRIME, Dr. Nicolai Sabandal, FRIEdr, Mr. Lorenzo V. Sugod, SMRIEdr, Dr. David Harold Q. Pacatang, FRIEdr, Dr. Fabio A. Calunsag, FRIEdr, Ms. Josephine R. Adraincem, SMRIEdr, Ms. Rochel A.

Partisipante ng JRMSU, wagi sa System Seminar-Workshop on Preparation of Instructional Materials

ni: Arghel Torres

Nagwagi ang ilang mga instruktur ng Jose Rizal Memorial State University Dipolog Campus sa ginanap na System Seminar-Workshop on the preparation of Instructional Material na ginanap sa Monina's Function Hall, Dapitan City noong Nobyembre 9-10.

Kabilang sa mga nagawagi ay sina Michael R Ramoga at Aproniano Dancalan na nakasungkit ng Best in Computer-Mediated IM Development, Ma. Traci Queen Alpuerto-Barbara at Cheriza Ochotorena nakasungkit ng pangalawang pwesto sa Workbook Making Contest, at Maricel Adriatico at Daisy P. Ruiz

na naka sungkit naman ng pangalawang puwesto sa kategoryang Indigenize materials.

Ang mga naging tagapanayam ay sina Dr. Jovelyn M. Cantina na tinalakay niya ang Development of Indegenized Instructional Materials at Development of Research-based IMs, Module/Workbook Development na tinalakay ni Dr. Jennifer B. Cabaron, Engr. Maricon Denber Gahisan para sa Development of Computer-Based Instructional Materials, at Dr. Rogelio A. Murro para sa talakayang Development of Self-Instructional Materials

Layunin ng naturang seminar ay ang pagpapalawak

ng kaalaman ng mga guro sa mga makabagong kagamitang panturo. Ipaalam, palawakin, at gamitin sa pang-araw-araw na pagtuturo para matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral ng bagong henerasyon- Prof. Daisy Ruiz.

Ang nasabing seminar ay pinangunahan ni Dr. Jovelyn M. Cantina, Director of IMD. Nagsimula bandang alas 8 ng umaga at natapos ito noong Nobyembre 10 bandang alas 5 ng hapon.



TAGUMPAY NATIN TO! Masayang nagpakuha ng larawan ang mga guro sa JRMSU-Dipolog pagkatapos nilang nasungkit ang ilang mga parangal sa ginanap sa System Seminar- Workshop on the Preparation of Instructional Materials.

BALITA

JRMSU-Dipolog Dumalo sa National Seminar-Workshop on Campus Journalism and School Paper Production

ni: Roger Bagalanon

Dumalo ang mga tagapayo at mga punong-patnugot ng pahayagang pangkampus ng JRMSU-Dipolog sa National Seminar-Workshop on Journalism and School Paper Production na ginanap sa Pines View Hotel, Legarda Road, Baguio City noong ika-27-29 ng Oktubre.

Ang mga tagapangulong sina Eduardo C. Miro ng State Collegian at Daisy P. Ruiz ng ang Bagong Pananaw kasama ng kani-kanilang punong-patnugot na sina Ellaine Cristy S. Du at Arghel A. Torres ay nagpakita ng kanilang kakayahan sa pagsulat at aktibong lumahok sa iba't ibang workshop sa loob ng tatlong araw na dinaluhan din ng mga ibang partisipante mula sa iba't ibang kolehiyo at unibersidad sa Pilipinas.

"The seminar is a big help to me as a future media practitioner. I have learned a lot from the seminar; thus, I would like to express my deepest gratitude to the JRMSU officials and advisers for this wonderful experience," wika ni Du.

Ang nasabing komperensya na itinataguyod ng Philippine Pedagogical Institute ay naglalayong patibayin ang kaalaman at kakayahan ng mga kalahok sa pahayagang pangkampus at school paper production.

Ang mga tagapanayam na nagbahagi ng kanilang kaalaman sa seminar na ito ay sina Bb. Lian Buan at Frank Cimatua ng Rappler at Prof. Danilo Francisco M. Reyes ng Ateneo de Manila University.

Samantala, si G. Mira ay nagwagi ng unang gantimpala sa pagsulat ng balita (Teacher's Category) habang ang punong-patnugot ng TSC ng Dapitan Campus na si Chrishelle Mae Canda ang nakasungkit ng pangalawang pwesto (Student's Category) sa parehong kompetisyon.

Kasamang dumalo si Marriane Isabel M. Tagaan, TSC-Dapitan news editor ng Dapitan Campus.



Premiere Night 2018, itinampok ng Sirkulong Filipino

ni: Rhine L. Cajocon

Itinampok ng Sirkulong Filipino ang Premiere Night bilang bahagi ng programang Pagsasabuhay sa mga Literaturang Pilipino: "Tulay sa Kapayapaan at Kaunlaran Tungo sa Globalisasyon", isinagawa sa JRMSU Gymnasium, Nobyembre 21 2018.

Ang naturang Movie Premiere ay pinangunahan ni Gng. Glenda A. Tampon, guro sa asignaturang Obra Maestra sa pakikipag-ugnayan ni Gng. Daisy P. Ruiz, guro sa asignaturang Obra Maestra na parehong SPEC subjects.

Ang mga nagwagi sa nasabing Movie Premiere ay ang mga sumusunod:

Best Movie	Senakulo
Best Trailer	Panunuluyan
Best Presentation	IV-A
Best Actor	Mike Pampilo (Senakulo)
Best Actress	Alexa Amarille (Senakulo)
Best Supporting Actor	Jessie Luna (Senakulo)
Best Supporting Actress	Geraldine Cabillo (Panunuluyan)
Best Editor	Mike Pampilo
Best Director	Alexa Amarille
Mr. & Ms. Face of the Night	Abondio Ligutom / Irish Pingol
Best Attire	Jemuel Falconete / Lea Sumundong

Ang mga itinampok na dula ay ang panunuluyan, Senakulo at Salubong. Naging napakagarbo ng gabi at nagninging ang kasuotan ng bawat mag-aaral na lumahok sa nasabing programa.



BEED I-A, nagkampyon sa Sabayang Pagbigkas 2018

ni: Rhine L. Cajocon

Husay sap ag-arte! Galing sa pagbigkas! Ito ang ipinamalas ng BEED I-A upang masungkit ang unang puwesto sa Sabayang Pagbigkas 2018 na may temang “Pagsasabuhay sa mga

Kahit umulan at Literaturang Pilipino: Tulay sa Kapayapaan at Kaunlaran Tungo sa Globalisasyon”, ginanap sa JRMSU Outdoor Stage, Nobyembre 21.

Naging matagumpay ang naging patimpalak dahil sa husay sap ag-arte at galing sa pagbigkas sa kani-kanilang mga

sinaulong tula, maging ang pagkamalikhaing ipinakita ng mga estudyante mula sa iba't-ibang departamento na may asignaturang Filipino.

Kahit umulan at basa ang pinagdausan ay tuloy pa rin sa paghataw para maipakita ang kanilang galing.

Napuno naman ng katuwaan at kasiyahan ang mga nanuod dahil sa presentasyon. Ang nasabing patimpalak ay sinalihan ng 18 lahat na mga kalahok.



SHS Festival and Indigenous Dance matagumpay na isinagawa

ni: Brix Jasper De Leon

Matagumpay na ginanap ang Festival and Indigenous Dance Competition Production 2018 ng Senior High School noong Disyembre 21, 2018 na idinaos sa loob ng JRMSU, Gymnasium.

Naging makulay ang selebrasyon sa pangunguna ng mga mag-aaral ng Departamento ng Senior High suot-suot ang kanilang makukulay na kasuotan.

Pormal na binuksan ang nasabing

programa sa pagbibigay mensahe ng MAPEH Instructor na si Mr. Rustico A. Tolibas. Tampok sa programa ang iba't ibang paligsahan gaya ng sa Indigenous Dance at Festival Queen.

Itinanghal na panalo ang Technical- Vocational Livelihood IA sa paligsahan ng Indigenous Dance, samantalang nakamit naman ng Accounting-Business- Management IB ang ikalawang pwesto at Accounting-Business-

EDTECH False Gay 2018 na may paksang “Innovate Technologies for Multi-cultural Educational Need”, matagumpay na isinagawa noong Nobyembre 28, sa J R M S U - D i p o l o g Outdoor Stage na nagumpisa ng 4:00 ng hapon, mula sa pangunguna ni Bb. Joanne S. Pontioso at kanyang mag-aaral.

Ang nasabing programa ay nakapokus sa iba't-ibang kultura ng

EDTECH False Gay 2018, matagumpay na isinagawa

ni: Gracy Mae Cabello

mga tribo na makikita sa ating lugar kabilang na ang Muslim, Subanen at Kristiyano na binigyang-buhay ng mga kandidata sa pagsuot ng iba't ibang tradisyunal na kasuotan ng bawat tribo. Ang mga kalahok ng naturang programa ay naglaban-laban at nagpatalbugan.

Ang mga katanungang ibinato sa mga kandidata ay may kinalaman sa kultura at teknolohiya na kung saan ay buong-talino itong tinugunan ng bawat kandidata. Itinanghal na EDTECH False Gay 2018 si Lef dale Namoc mula sa BEED II- Block B.

Guro sa Social Sciences , lumahok sa ika-29 Pambansang Kumperensya sa Kasaysayan at Kalinangan

ni: Roseller Batal

Lumahok ang mga guro Jose Rizal memorial State University Dipolog Campus na nagtuturo ng asignaturang Social Science sa ginanap na ika-29 Pambansang Kumperensya sa kasaysayan at kalinangan noong Nobyembre 28-30, 2018 sa Audio Visual Room (AVR) ng Jose Rizal Memorial State University Dapitan campus.

Kabilang sa mga lumahok ay sina Darla Morandarte, Mark Bien Dalman, Bebot Cainta, Sergio Andolero, Christian Buhisan, Alejandro

Balbuena, at Chariza Ochotorena pawang mga guro sa History.

Ayon sa panayam ng patnugutan ng ang bagong pananaw kay Prof. Morandarte “ang nasabing seminar ay napagtungkol sa mga pananaliksik sa iba't ibang larangan. Hindi lamang ito pananaliksik tungkol sa academe kundi sa iba't ibang larangan. Ang ganitong seminar ay nakakapagdagdag ng panibagong kaalaman sa larang ng pananaliksik, kasaysayan ay sa pagtuturo.” Dagdag pa niya “ang

naturang seminar ay may layunin na palaganapin ang mga kaalaman ukol sa iba't ibang larangan hindi lang sa kasaysayan kundi pati narin sa agrikultura, midya, kultura at iba pa. Sapagkat pawing research presentation at pagbabahagi lamang ito ng mga kaalaman na kanilang na saliksik.”

Ang seminar ay may temang “Tambayayong: Ang Bayanihan sa Kasaysayan at kalinangang Pilipino at pinangunahan ng National Commission for Culture and the Arts.

ManagementIA naman ang nakakuha ng ikatlong pwesto.

Sa kategorya naman ng Festival Dance, nasungkit ng TVL ang unang pwesto, ang ABM IA ang nasa ikalawang pwesto at HUMSS IB sa ikatlong pwesto.

Si Pabe Marie Calumpang, mag-aaral ng TVL I Block-A ang itinanghal na Festival

Queen 2018, samantalang si Maribel Mier naman ang ABM IA ang itinanghal na 2nd runner up at 3rd up naman si Wellan Amy. Lavrent, HUMSS IB

Ang nasabing aktibidad ay matagumpay na naidiwang sa pangunguna ni Mr. Frederick John Halarbe, MAPEH, Instructor.



EDITORIAL

Pagtaas sa Presyo ng Bigas

Pinas, nagkrisis sa Bigas

Gutoooooooooom!

Kanin. Kanin ang pangunahing nakahain sa bawat hapag ng pamilyang Pilipino. Parasapangkaraniwang mamamayan, hindi na bale kung walang ulam bastat may kanin na maihain sa mesa na pagsasaluhan ng mag-anak. Ngunit sa patuloy na pagtaas ng presyo ng bigas, patuloy rin ang mamamayan sa pangangapa kung saan kukuha ng dagdag na kita para matustusan ang pangunahing pangangailangang ito. Kung noon, naglalaro pa sa 25-30 bawat kilo ng bigas ay marami ng kumakain ng dalwang beses sa isang araw, siguro ngayon ay isang beses na lang sila kumakain sa isang araw. Kaya tuloy maraming baliw na ngayon.


Sa makalipas na ilang buwan umabot ng mahigit P60-100 bawat kilo ng bigas sa buong bansa. Ang ganitong pagtaas ay nakababahala sa mga taong may kakarampot lamang na sweldo. Sa ganitong sitwasyon naging mahirap pa sa daga ang taong mahirap. Sinasabi ng ilang mga eksperto na

mayroong iba't ibang dahilan kung bakit nagtaas ang presyo ng bigas sa Pinas.

Isa sa mga dahilan nito ay ang pagtaas ng inflation dahil sa pagpapatupad ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law na pinatupad noong Enero. Dahil sa Train Law, mataas ang ipinapataw na buwis sa maraming produkto. Pangalawa, "Price manipulation" o ang paghawak at pagkontrol sa presyo nito. Isang modus operandi ng mga traders sa bigas kung

saan binibili nila ang importation right na siyang eksklusibong ibinibigay sa mga kooperatiba para makatulong sa magsasaka. Pangatlo, Rice Tarrification. Sa ilalim kasi ng rice tariffication billy ayon kay Rosendo So (pinuno ng Samahang Industriya ng Agrikultura)

maaring magtaas umano ang presyo ng bigas kapag nagpa-import pa ng mas maraming bigas bansa. At ang panghuli ay kakulangan ng suplay nito.



ng bigas para sa pang-araw-araw na pamumuhay. Lumabas sa pag-aaral na hindi sapat ang suplay ng bigas sa Pinas upang tustusan ang milyon-milyong katao sa nasabing bansa. Sinisi ng pamahalaan ang mga bagyo, kalamidad dulot ng nagbabagong panahon upang bumagal ang produksiyong ito.

Sa mga ganitong pangyayari ay dapat pagtuonan ng pansin ng ating pamahalaan, hanapan ng solusyon, bigyan ng aksiyon, at tuldukan sa mas lalaong madaling panahon hindi lang ng pamahalaan kundi maging lahat ng sambayanan. Dahil ang Pilipinas ay sagana sa mga lupain. Isang lugar na kung saan tutubo ang ang kahit anong

pananim dapat ang pamahalaan ay maglaan ng malaking pundo para mapaunlad ang Sistema sa agrikultura upang maiwasan ang pag-aangkat ng bigas. Sugpuin ang mga illegal at talamak na pagbebenta ng bigas.

Ang bawat mamayan ay dapat magtipid din sapagkat kulang ng suplay sa mga pamilya. At ang bawat mamamayan ay matutong magtipid ng bigas. Ika nga "Ang bawat butyl ng bigas ay mahalaga"

Ang Bagong Pananaw PATNUGUTAN

Punong Patnugot: Arghel A. Torres

Katulong sa Patnugot: Brix Jasper V. De Leon

Manunulat: Rose Bagalanon, Mevilona Silva, Vanessa Quirante, Chinie Paracale, Roseller Batal and Richard Danieles

Feature Writers: Rose Clare Bajamunde, Roseller Batal, Jessa Villanueva and Ahlexa Amarille

Columnist: Gracy Mae Cabello

Tagakuha ng Larawan: RJ Nerf Calasang and Rigin Rusiana

Karikatura: Veilton Morga

Managing Editor: Rhine Cajocon

Tagalay-out: Joemuel U. Daymiel

Tagapayo: Daisy Ruiz, M.A. Fil.

Dean, Students Affairs and Services: Dr. Felipe A. Pialago

Campus Administrator: Clarita D. Bidad, Ed.D.


JRMSU System President: Daylinda Luz R. Laput, Ph.D.

OPINYON

Salipawpaw

Train Law

ni: Gracy Mae CAbello



Tax Reform for Acceleration and Inclusion o TRAIN Law, pahirap o makakatulong ba sa bayan?

Noong Enero 2018 ay ipinatupad ang unang yugto ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion o mas kilala natin sa TRAIN Law. Ito ay umani ng mga batikos mula sa mga mamamayan at ibang mga senador.

Nang ipatupad ang TRAIN 1, naramdaman ang pagbigat nito sa mga pangunahing pangangailangan ng mamamayan. Dito nagsimulang magmahal ang mga bilihin tulad ng bigas, mga de lata, mantika, asukal at iba pang bilihin. Nagsimulang tumaas ang presyo ng bigas noong Enero hanggang sa umabot na ito sa P70.00 ang presyo ng bawat kilo ng bigas sa ilang mga probinsiya tulad na lamang

ng Zamboanga. Mula nang ipatupad ang TRAIN 1, hindi na mabilang ang pagtaas ng presyo ng gasolina, diesel, kerosene at LPG. Ang kinikita ng mga karaniwang mamamayan ay hindi na sapat sa taas ng mga bilihin. Walang ibang apektado sa pagtataas ng petroleum products kundi ang mga kakarampot ang suweldo. May maganda at masamang ibinunga ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) law. Maganda ito sapagkat nabawasan ang tax ng mga kakaunti ang kinikita at masama naman dahil sa ipinataw na malaking tax sa maraming produkto.

Sa darating na Enero 2019 ay inaasahang ipatutupad na ang Ikalawang yugto ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion o mas kilala natin sa tawag na


TRAIN Law. Pinalitan at binago ang pangalan at ginawang TRABAHO na ang ibig sabihin ay Tax Reform for Attracting Better and High Quality Opportunities upang hindi ito matulad sa unang yugto. May nagmungkahing suspendehin ang TRAIN law. Naghahanda raw ang House of Representatives na ipatigil ito para matigil na rin ang pagtaas ng mga bilihin. Nakapangangamba na raw ang walang humpay na pagtaas ng presyo na ang apektado ay ang mahihirap.

Hindi masisisi ang mga mambabatas kung tumamlay ang pagtingin sa TRAIN 2, sapagkat maaaring magbunga muli ito nang panibagong pagtataas ng bilihin kung aaprubahan ito. Sabi naman ng Department of Budget at ng Department of Education, hindi na maaaring ipagpaliban ang pag-iimplement ng TRAIN 2 sapagkat marami itong pinopondohan. Malaking kamalian kung ititigil ang TRAIN 2 sapagkat maraming mga estudyante ang nakikinabang dito

Sariling Pananaw

JRMSU tungo sa Internalisasyon

ni: Roger E. Bagalanon



“JRMSU tungo sa internalisasyon” ang sarap pakinggan hindi ba? Napakamalumanay sa tenga lalo na kung proud JRMSUians ka! Subalit ang natitirang katanungan eh kung karapat-dapat ba ang ating unibersidad sa titulong ito?

Karamihan sa mga mag-aaral ng JRMSU ang nagsasabing “Hindi” sa kadahilanang puro luma ang mga imprastruktura ng unibersidad, marumi at mabahong palikuran, masikip na Cafeteria at ang maling pamamaraan ng Registrar’s Office sa kanilang serbisyo sa mga mag-aaral na binigyang diin din ng iilang mag-aaral ng unibersidad. Taliwas sa mga dahilang ito ay marami pa rin ang nagsasabing karapat-dapat ito. Ayon pa sa iilang mag-aaral na aking nakapanayam ay hindi lamang puro mali ang puwedeng maging basehan ng kapwa mag-aaral upang masabing hindi karapat-dapat ang ating unibersidad. Samakatuwid,

ay puwede nilang maging basehan ang magandang naidulot ng paaralan, kagaya na lamang ng paglinang ng mga kompetitib na mag-aaral na kayang makipagsabayan sa ibang mag-aaral sa labas ng ating unibersidad. Ayon pa sa ibang nagsasabing karapat-dapat ito, ay ipinagmamalaki nila ang pamamaraan ng pagtuturo, at ang unti-unting pag-unlad ng nasabing unibersidad.

Bagamat “hindi” man sa opinyon ng karamihan ay hindi ito ang dahilan upang hindi natin ipagmalaki ang ating paaralan. Maaring tama ang opinyon nila, subalit, dapat nating isaalang-alang na bagamat may kakulangan man, ay maari parin itong bigyang solusyon at dapat na ipagpasalamat sa lahat ng mga opisyaes, sa mga guro’t kawani ang mga pagbabagong nagaganap at magaganap sa hinaharap ng ating unibersidad. Lahat ay ginagawa nila para sa ikabubuti ng bawat mag-aaral.

Dapat bang ituloy ang eleksyon?


Dapat bang palitan ang mga nasa pwesto?

Iilan lamang iyan sa mga tanong na namumuo sa isipan at pilit isinisigaw ng taong-bayan sa tuwing sasapit ang taunang eleksyon. May mga nalulungkot dahil ayon sa kanila, ayaw nilang palitan ang kanilang idolo at takbuhan sa pamahon ng pangangailangan ngunit sa kabila ng kalungkutang iyan ay mayroon ding mga taong natutuwa dahil ayon sa kanila, mapapalitan na ang nagbibigay problema

Batingaw

Eleksyon 2019

ni: Mevilona H. Silva



at salot sa lipunan. Ang tanong, dapat nga ba?

Dumagsa na naman ang maraming tao na nagnanais maging kandidato at mga taong nagnanais makabalik sa pwesto sa darating na halalan upang asikasuhin ang kanilang Certificate of Candidacy (COC) sa lahat ng opisina ng Comelec sa bawat lugar ng ating bansa. Abalang-

abalang Comelec dahil sa masusing pagpili kung sino ang mga kwalipikado sa mga kwalipikasyon na kanilang inihanda upang hayagang makatakbo ang isang tao sa kanyang ninanais na pwesto.

Sa kabila ng preparasyon at masusing pagpili na ginagawa ng Comelec ay abala din ang taong-bayan sa masusing pagpili din ng

nararapat na kandidato upang iluklok sa pwesto, yaong kandidatong masasandalan sa oras ng pangangailangan, kandidatong hindi mag-aatubiling tumulong sa panahon ng sakuna at higit sa lahat yaong kandidatong maaasahan na maglilingkod sa bayan ng buong katapatan at handang tumulong sa mga naaapi at

nangangailangan.

Gayunpaman, huwag nating hayaang alisan tayo ng karapatan sa pagpili ng ninanais natin tulad ng pagpili ng mga kandidato, mahalaga ito dahil dito nakasalalay ang kinabukasan at kapakanan ng ating bayan tungo sa kaunlaran dahil kung gusto mo ang isang tao, IPAGLABAN AT PILIIN MO!

LATHALAIN

Bangungot

ni: Daisy P. Ruiz

June 16, 2010, Miyerkules, alas 8 ng umaga, ang buwan, petsa, taon, araw, at ang oras na hinding-hindi ko kailanman makakalimutan. Ika-sampung araw namin sa Siliman University Medical Center at ikatlong araw naman mula ng siya ay maoperahan sa sakit na "appendicitis". Kakaiba ang araw na ito kumpara sa mga nagdaang araw. Kakaiba sapagkat kakikitaan ko siya ng lungkot at panghihina. Pinilit kong pasayahin siya at pinag-uusapan ang aming gagawin sa pag-uwi sa Dipolog pagkalabas na pagkalabas naming sa hospital na iyon. Napasaya ko siya sa mga sandaling iyon at sigurado ako doon. Nasa ganoon kaming pag-uusap ng dumating ang nars na mag-aasikaso sa kanya. Magkatulong kami ng nars sa pagpupunas at pagbibihis sa kanya. Isinunod ng nars ang pagpapalit ng kobre-kama kaya kailangan naming itayo. Dahan-dahan sapagkat kumikrot pa ang bahaging naoperahan. Konting galaw lamang kasi ay napangangiwi sa sobrang sakit. Makita siyang nasasaktan ay parusa sa tulad kong lubos na nagmamahal sa kanya.

Dahan-dahan man ay nagawa pa rin namin siyang ibangon. Pagbangon na hindi ko na pala muling masisilayan. Iyon na pala ang huli niyang pagbangon.

Umuungol, hinahabol sang hininga at pinipilit na mabuhay, nais magsalita ngunit walang lumalabas sa kanyang bibig kundi ang ungol ng pagmamakaawa. Ungol sa nakakabing!!! Nakakabaliw!!! Mga mata niya'y titig na titig sa akin, tila ba'y humihingi ng saklolo habang ang luha ko naman ay walay patid sa pagtulo. Sumisigaw na ako!

Takot na takot na takot na ako! Noon lamang ako natakot nang sobra-sobra sa tanang buhay ko. Naramdaman ko ang paninigas ng kanyang buong katawan nang yakapin ko siya.

Nagsimulang magkagulo ang loob ng silid, maraming nakiusyuso at mas lalong gumulo nang magsidating ang mga doktor. May nagkabit ng oxygen at kung ano-ano pang aparatos sa kanyang katawan. Ang eksena na iyon na dati ay sa mga palabas sa v ko lamang napapanood ay bakit nangyayari sa akon sa tunay na buhay? Para akong ipinangako sa aking kinatatayuan habang pinapanood ang mga doktor. Kitang-kita ko kung paano rin nakipaglaban ang asawa ko kay kamatayan.

Lumipas ang tatlumpong minuto, itinigil na ng mga nahahapo, pinagpapawisan at dismayadong mga doktor ang pagsasalba sa buhay niya at ako naman ang hinarap. Hindi man nila sabihin ay alam ko ang nangyayari. Pero nagsusumamo ako sa kanilang huwag silang sumuko at gawin ang lahat pero tanging iling lamang ang kanilang naisagot. Pakiramdam ko ay sasabog ako at para bang dinudurog ang puso ko ng pinumpino. Gusto ko siyang lapitan at yakapin at sabihin sa kanya na umuwi na kami dahil naghihintay na ang mga anak namin pero hindi ko maihakbang ang aking mga paa. Namamanhid ang buong katawan. Pakiramdam ko ay tumigil sa pag-inog ang mundo ko. Ang sakit-sakit! Nakakasira ng bait ang sobrang sakit. Bakit siya? Paano na ako? Paano na ang mga anak namin? Ang lilit pa nila para mawalan ng ama. Paano na ang mga pangarap na sabay naming pinanday? Napakaraming

tanong at halo-halong emosyon. Ang sumunod na pangyayari ay hindi ko na batid sapagkat na ako ng malay. Nang magkamalay, nasambit kong sana'y hindi na lang nagising sapagkat ang paggising na iyon ay nangangahulugan ng pagharap ko sa katotohanan.

Paano ako magsisimula? Paano ko sasabihin ang lahat sa mga anak ko na wala na ang mahal nilang ama na kagabi lag ay kausap pa nila ito sa telepono? Paano kaya nila ito tatanggapin? Kakayanin ko kayang humarap sa kanila?

Sinisi ko ang Diyos. Alam kong napakalaking kasalanan ang kwestyunin Siya pero nangibabaw sa akin ang sakit, ang galit at paghihinagpis sa nangyari. Naging mabait naman ako, mabait din

ang asawa ko. Marami namang mga masasama ang nagkalat sa mundo, bakit hindi sila ang kinuha Niya? Ito ba ang kabayaran sa lahat ng aking pagpapakabait?

Pakiramdam ko'y namatay ring kasabay ng asawa ko ang puso ko at kasamang nailibing. Nabayaan ko ang sarili ko. Sa kagustuhan kong makalimutan ang lahat ng sakit ng kanyang pagkawala, pati pagkain ay nakalimutan ko na rin at nakalimutang may mga anak akong nangangailangan ng isang ina. Kung hindi pa ako nagkasakit ay hindi pa ako magigising. Doon ko napagtanto na mali ang napili kong paraan para makalimot. Sising-sisi ako dahil pinabayaan ko ang mga anak ko. Sa mga sandaling iyon, nabuksang muli

ang aking isipan sa katotohanan na kailangan ako ng mga anak ko. Kawawa ang mga anak ko kung pati ako ay mawawala pa sa kanila.

Ng mga sandaling iyon, kahit gaanuman kahirap ay babangon ako dahil kailangan at nararapat akong magpakatatag para sa kanila. Hindi pa huli ang lahat! Itutuloy ko ang mga binuo naming mga pangarap dahil alam kong hindi ako pababayaan ng Diyos at hindi Niya hahayaang mag-isa kong harapin ang lahat ng pagsubok sa buhay. Hindi natutulog ang Diyos.

Salamat sa paggising Niya sa akin mula sa BANGUNGOT na nakaraan.

BUHAY MAMAHAYAG

ni: Brix Jasper De Leon

Katotohanan- ito ang pinanghahawakang bala ng mga mamamahayag sa paglilingkod sa publiko. Kahit kami bilang mga manunulat sa pahayagang pangkampus ay ito rin ang pangunahing isinusulong namin sa aming bawat isinusulat. Kung regular kayong mambabasa ng Ang Bagong Pananaw at The State Collegian, kabisado na ninyo ang tagline naming manunulat, "Mahirap magbingibingihan sa katotohanan. Mahirap magsulat ngunit kinakailangan." Ito ang mga linyang sumasalamin sa mundo ng pamahayagang pangkampus. Sa ngalan ng serbisyo, hindi man direktang hinihingi sa amin ng JRMSUans, ibinibigay namin ito kalakip ang iba't ibang dahilan ng pagpasok namin sa mundo ng pamamahayag.

Susi ng pagtatagumpay sa mundo ng pamamahayagang pangkampus ang kagustuhan ng isang mag-aaral na makapagsulat. Dalawang beses man isang semestre ang aming paglalabas ng isang isyu, hindi namin inaalintana ang hirap na kakabit nito dahil gusto namin ang aming ginagawa. May mga panahon pa nga na mas nauuna pa ang aming pagiging mamamahayag kaysa sa pagiging isang mag-aaral. Walang nagsabi sa amin na piliin ang landas na ito dahil kung mayroon mang pumilit sa amin na pasukin ito, tiyak na hindi kami tatagal sa mundong ito. Sa kabila nito, hindi ko sinasabing dapat maging ispesyal ang pagtingin sa mga katulad namin. Alam kong kaakibat ng pagiging mamamahayag ang pagsasakripisyo ng ilang bagay sa buhay.

Hindi kami humihingi ng "special treatment" sa sinuman. At hindi ito ang dahilan kaya pinasok namin ang mundo ng pamamahayag. Ang sa amin lang, hindi man namin kayo pinipilit at mapipilit na basahin ang bawat isyu na aming inilalabas, kaunting paggalang man lang sa bawat diyaryo na aming inilalathala. Hindi niyo man sinabing magsulat kami upang may mabasa kayo, respeto na lamang sa mga akda na aming isinusulat. Kaunting pagpapahalaga lamang sa bawat isyung na ibinubuno ng bawat mamamahayag ang aming kailangan.

Mapalad tayo na mayroon tayong natatanggap na isyu ng balitang pangkampus sa Pamantasan. Huwag nating sayangin ang pagkakataong mas mapalago ang ating kaalaman. Kami, bilang mamamahayag pangkampus ay taos-pusong naglilingkod para sa JRMSUans at kakaibang saya ang hatid tuwing nakakakita kami ng mga taong nagbabasa ng aming Pahayagan.